Maikling Paliwanag tungkol sa mga Serbisyo at Pasilidad ng Pagsisimula ng Trabaho ng Kabataan (Youth Employment Start (Y.E.S.))

Ang Pagsisimula ng Trabaho ng Kabataan (Youth Employment Start (Y.E.S.)) ay nagbibigay ng isahang lugar para sa mga serbisyong may kinalaman sa trabaho, karagdagang pagsasanay, at suporta sa sariling negosyo para sa mga kabataang nasa edad 15 hanggang 29 na ligal na maaaring magtrabaho sa Hong Kong. Kung nais mong ihanda ang iyong sarili at samantalahin ang mga oportunidad sa trabaho, magparehistro bilang miyembro ng Y.E.S. at gamitin ang iba't ibang serbisyo at pasilidad na ipinagkakaloob ng Y.E.S. nang libre. Ang lahat ng karapat-dapat na kabataan ay maaaring maging miyembro ng Y.E.S. matapos makumpleto ang pagpaparehistro, at magamit ang lahat ng serbisyo at pasilidad sa sentro ng Y.E.S. maliban sa mga serbisyong eksklusibo para sa mga miyembrong pang-negosyo. Ang lahat ng miyembro ng Y.E.S. na nasa edad 18 hanggang 29 na nagpapatakbo ng sariling negosyo na may sertipiko ng pagpaparehistro ng negosyo (maging bilang solong may-ari, kasosyo, o direktor ng kumpanya) ay maaaring mag-aplay bilang mga miyembrong pang-negosyo upang magamit ang mga serbisyo at pasilidad na iniakma para sa kanila.

Pangkalahatang-ideya ng mga Serbisyo ng Y.E.S.

1. <u>Pagtatasa ng Karera</u>

Maaaring gamitin ng mga kabataan ang kit sa pagtatasa ng karera ng Y.E.S. upang mas maunawaan ang kanilang mga interes sa karera, personalidad, emosyonal na intelihensiya, pagiging angkop sa karera, at potensyal sa pagiging negosyante sa mas komprehensibong paraan at makatulong sa kanila na mas epektibong mapaunlad ang kanilang landas sa karera sa pamamagitan ng mas malalim na pag-unawa sa sarili.

2. <u>Konsultasyon sa Karera</u>

Nagbibigay ang mga kasangguni sa karera ng Y.E.S. sa mga kabataan ng pasadyang gabay sa karera at propesyonal na payo, kabilang ang pagsusuri sa kanilang mga aspirasyon sa karera at pagbibigay ng gabay sa mga magagamit na oportunidad sa karera at pagsasanay. Sa ganitong paraan, tinutulungan silang planuhin ang kanilang pagpili ng karera at pumili ng angkop na trabaho.

3. <u>Pagsasanay sa Panayam</u>

Isinasagawa ng mga kasangguni sa karera ng Y.E.S. ang mga pagsasanay ng mga kabataan sa panayam sa upang mapabuti ang kanilang husay sa panayam at mga pagkakataon na makakuha ng trabaho sa pamamagitan ng pagkuha ng mga kasanayan sa panayam.

4. Propesyonal na Pasadyang Serbisyo sa Pagsusulat ng CV

Nagbibigay ang mga kasangguni sa karera ng Y.E.S. ng personalisadong serbisyo ng konsultasyon upang tulungan ang mga kabataan na tuklasin ang kanilang mga lakas at potensyal, pahusayin ang kanilang mga kasanayan sa pagsusulat ng CV, at irebisa ang kanilang CV.

5. Talakayan sa Karera

Inaanyayahanng Y.E.S. ang mga talento mula sa iba't ibang industriya upang magbigay ng pagsusuri sa mga kalagayan at pananaw ng mga industriya, pati na rin ang mga pinakabagong impormasyon tungkol sa iba't ibang posisyon para sa mga kabataan.

6. Kurso sa Pagsasanay

Palagiang nagsasagawa ang Y.E.S. ng iba't ibang kurso sa pagsasanay, kabilang ang mga kurso sa pangkalahatang kasanayan, serye sa sariling negosyo, paghahanap ng trabaho at mga kaugnay na kasanayan, at mga kakayahang panlipunan. Layunin nito na mapahusay ang mga kasanayan ng mga kabataan sa paghahanap ng trabaho para sa kanilang sariling pag-unlad.

7. Araw ng Recruitment

Regular na inaanyayahan ng Y.E.S. ang iba't ibang kumpanya at organisasyon na makilahok sa mga araw ng recruitment sa Y.E.S., kung saan isinasagawa ang mga personal na panayam o online na panayam para sa mga kabataan.

8. Serbisyong Suporta para sa mga Kabataang Negosyante (Eksklusibo para sa mga Miyembrong Pang-Negosyo)

Maaaring gamitin ng mga miyembro sa negosyo ang mga pasilidad at serbisyong suporta na iniakma para sa mga kabataang may pansariling trabaho, kabilang ang istasyon ng negosyo, silid para sa negosyo, lugar para sa pagdidisenyo, at mga serbisyong konsultasyon ng propesyonal, upang matulungan silang simulan ang kanilang sariling negosyo.

Mga Pasilidad ng Sentro ng Y. E. S.

1. Lugar ng Kompyuter

Nagbibigay ang Y.E.S. ng ilang kompyuter, printer, photocopier, at fax machgine, pati na rin ng mga serbisyo tulad ng Wi-Fi connection sa mga kabataan, upang tulungan sila sa paghahanap ng impormasyong may kaugnayan sa trabaho, paghahanda ng mga liham ng aplikasyon sa trabaho at CV, at pagbuo ng pansariling negosyo.

2. Mga Terminal Para sa Paghahanap ng Bakanteng Trabaho

Maaaring magsagawa ng paghahanap ng trabaho ang mga kabataan sa pamamagitan ng paggamit ng mga Terminal Para sa Paghahanap ng Bakanteng Trabaho na naka-install sa Y.E.S. upang malaman ang pinakabagong impormasyon tungkol sa mga bakanteng trabaho na naka-post sa Kagawaran ng Paggawa.

3. Pang-negosyong Istasyon (Eksklusibo para sa mga Miyembro ng Negosyo)
Maaaring gamitin ng mga miyembro ng Negosyo ang mga istasyon para sa pagbuo ng kanilang sariling negosyo. Ang mga kagamitang pang-opisina na maaaring hiramin ay kinabibilangan ng mga personal na kompyuter na may naka-install na software sa pagdidisenyo, fax machine, printer, scanner, atbp.

4. Silid Para sa Negosyo (Eksklusibo para sa mga Miyembro ng Negosyo)
Maaaring gamitin ng mga miyembro ng negosyo ang silid na may mga kagamitan para sa pagpupulong upang makipagkita sa kanilang mga kliyente at talakayin ang mga plano sa negosyo kasama ang mga kasosyo, na nagpapadali sa pag-unlad ng negosyo.

5. Lugar Para sa Pagdidisenyo (Eksklusibo para sa mga Miyembro ng Negosyo)
Maaaring gamitin ng mga miyembro ng negosyo ang mga de-kalidad na kagamitan sa pagdidisenyo gamit ang kompyuter, Mac Pro na kompyuter na may naka-install na software sa pagdidisenyo, at mga propesyonal na printer upang simulan ang kanilang malikhaing negosyo at paunlarin ang kanilang sariling negosyo.

Makipag-ugnayan sa Amin
Y.E.S. (Mong Kok)
Address: Suites 8-11, Level 42, Office Tower, Langham Place, 8 Argyle Street, Mong Kok

Y.E.S. (Kwai Fong)
Adress: Mga yunit 907-912, 9 / F, Metroplaza Tower II, 223 Hing Fong Road, Kwai Fong

Oras ng Operasyon: Lunes hanggang Sabado: 10 am hanggang 7 pm (Sarado tuwing Linggo at sa mga Pampublikong Pista Opisyal)

Telepono: 3585 8000

Y. E. S. Website: www.e-start.gov.hk